

para sa bawat couple, at \$700 para sa apat-na-kataong pamilyang may dalawang anak, para sa eligible na gastos sa de-resetang gamot at dentista bawat taon, para sa mga taong walang health benefits sa kanilang mga lugar ng trabaho o hindi covered ng OHIP+ o iba pang government program.

- ang preschool child care ay gagawing libre para sa mga batang dalawa't-kalahating taong-gulang hanggang sila'y makakapasok na sa kindergarten upang gawing mas abot-kaya ang mahusay na child care. Ang isang pamilyang may isang anak ay makatitipid ng \$17,000 sa karaniwan, at ito'y maidaragdag sa naiipon ng pamilya mula sa full-day kindergarten. Naipakita na pinahuhusay ng early learning ang kakayahan ng mga bata na matuto sa kanilang buong buhay.
- maglalaan ng mas mabuti at mas mabilis na access sa mga serbisyo sa mental health at addiction para sa daan-daang libu-libong karagdagang mga bata, kabataan, at adults sa buong Ontario; ang kabuuang funding ay magkakahalaga ng mahigit sa \$17 bilyon sa loob ng apat-na-taong panahon.
- pahuhusayin ang mga ospital sa pamamagitan ng pagbigay ng mas mabuting access sa health care, pagbawas sa katagalan ng paghihintay, pagtugon sa mga problema ng kapasidad, at mas mabuting pagtugon sa mga pangangailangan ng lumalaki at tumatandang populasyon ng Ontario sa pamamagitan ng karagdagang \$822-milyong investment sa 2018–19. Ito ang magiging pinakamalaking single investment ng pamahalaan sa mga ospital sa nakaraang halos isang dekada. Ang probinsiya ay mag-iinvest din ng humigit-kumulang sa \$19 bilyon sa loob ng 10-taong panahon upang magtayo at mag-renovate ng mga ospital nang ito'y makapagbigay ng karagdagan at mas mabilis na health care para sa mga tao.
- nagdaragdag ng 30,000 bagong long-term care beds sa darating na 10 taon — magdaragdag ng 5,000 bagong beds hanggang sa 2022 — upang tulungan ang mga taong hindi na maaaring manirahan nang mag-isa at upang mapanatag ang mga kalooban ng mga taong nag-aalaga sa kanila. Ang bagong beds na ito ay bukod pa sa kasalukuyang 30,000 beds na nire-redevelop.
- magtatatag ng pantay na lipunan, magdaragdag sa mga mapagpipiliang serbisyo, at itataguyod ang kakayahan ng 47,000 adults na may developmental disabilities na magsarili at hindi mangailangang umasa sa iba sa pamamagitan ng pag-invest ng \$1.8 bilyon upang pahusayin ang mga serbisyo para sa kanila, at pagbago sa social assistance system upang i-focus ito sa mga tao sa halip na sa mga patakaran at mga regulasyon.

Ginagawang Mas Abot-kaya ang Pamumuhay

Dumarami ang kagipitan na hinaharap ng mga pamilya — maging sa trabaho, sa kanilang pag-commute, o sa kanilang mga gastos — at ito'y nagkakaroon ng malaking epekto sa mga pamumuhay ng tao at sa ating kakayahang alagaan ang ating mga minamahal sa buhay. Gumagawa ng mga hakbang ang probinsiya ng Ontario upang gawing mas abot-kaya ang

pamumuhay at upang makapagbigay ng karagdagang financial security habang mabilis na nagbabago ang ekonomiya:

- Gagawing libre ang mga de-resetang gamot para sa lahat ng mga taong 65-taong-gulang at mas matanda, gamit ang OHIP+; masisigurado nito na walang maiiwang senior citizen at makukuha nilang lahat ang mga gamot na kinakailangan nila. Ang karaniwang senior sa Ontario ay makatitipid ng \$240 bawat taon dahil aalisin ang Ontario Drug Benefit annual deductible at co-pay. Sinusundan ng expansion ng OHIP+ na ito ang pagsimula sa *2017 Ontario Budget* ng mga libreng de-resetang gamot para sa lahat ng taong wala pang 25 taong-gulang.
- Naglaan ng public transit tax credit na nakatitipid sa seniors ng hanggang \$450 bawat taon, simula noong Hulyo 1, 2017, at binawasan nang humigit-kumulang sa \$720 bawat taon ang gastos ng karaniwang commuter na lumilipat mula GO/UP Express network patungo sa TTC o lumilipat mula TTC patungo sa GO/UP Express network.
- Binawasan nang humigit-kumulang sa 25 porsiyento ang singil sa koryente sa tahanan simula noong Hulyo 1, 2017, at nang hanggang 40 o 50 porsiyento para sa mga eligible na rural at low-income na mga pamilya.

Gumagawa ng Oportunidad para sa Mga Tao

Tinutulungan ng Ontario ang mga tao na umakma at umunlad sa isang nagbabagong ekonomiya, upang masigurado na ang probinsiya ay patuloy na magiging pinakamahasay na lugar para sa tirahan, trabaho, at negosyo. Kabilang sa mga aksyon ang sumusunod:

- Ginagawang libre ang tuition para sa kolehiyo at unibersidad para sa mahigit sa 225,000 estudyante, anuman ang kanilang edad. Ang libre o mababang tuition ay available para sa mga estudyante mula sa mga low at middle-income na pamilya; ang tuition ay libre para sa mga estudyante mula sa mga pamilyang kumikita nang hanggang \$90,000, at ang mga estudyanteng nagmumula sa mga pamilyang kumikita nang hanggang \$175,000 ay eligible ding makatanggap ng financial aid.
- Hinahanda ang mga estudyante para sa mga mahuhusay na trabaho sa pamamagitan ng paglaan ng \$132 milyon sa loob ng tatlong-taong panahon upang magdibelop ng postsecondary education programs na tumutugon sa mga nagbabagong pangangailangan ng mga estudyante at mga tagapag-empleyo — kabilang ang pagpapalakas ng mga partnership sa mga lokal na tagapag-empleyo, pag-alok ng mas flexible na pagtuturo at experiential learning, at pagdagdag sa dami ng graduates sa science, technology, engineering at mathematics (STEM) nang 25 porsiyento sa susunod na limang taon; ang 40,000 graduates ay magiging 50,000 bawat taon.
- Nagplaplanong gumawa at magpanatili ng mahigit sa 70,000 trabaho sa pamamagitan ng pag-renew at pag-extend ng Jobs and Priority Fund sa pamamagitan ng pagdagdag ng \$900 milyon sa darating na 10 taon.
- Naglalaan ng \$935 milyong bagong funding sa loob ng tatlong-tong panahon sa

pamamagitan ng Good Jobs and Growth Plan upang suportahan ang mga negosyo, mga estudyante at mga graduate sa Ontario, nang makaakit ito ng mga mahuhusay na trabahong may mahuhusay na suweldo.

- Ginagawang mas pantay para sa lahat ang mga lugar ng trabaho sa pamamagitan ng pagtugon sa gender wage gap at pagdagdag ng transparency sa mga proseso ng paghire; gagawin ito sa pamamagitan ng iminungkahing batas na, kung papasá, ay mag-uutos na dapat may isang pay rate o salary scale ang lahat ng mga trabahong nakapaskil para sa publiko.
- Ibinibigay ang matagal nang hinihintay na pagtaas ng suweldo para sa 1.2 milyong katao sa buong Ontario sa pamamagitan ng pagtaas sa minimum wage; ito’y itinaas at naging \$14 bawat oras noong Enero 1, 2018 at gagawing \$15 bawat oras sa Enero 1, 2019.

Nalampasan ng probinsiya ang kanyang mga fiscal target bawat taon simula pa noong recession, at inaasahan nitong magkaroon ng budget surplus sa 2017–18. Simula sa 2018–19 ay magpapasiya ang probinsiya ng Ontario na gumawa ng mas maraming investments sa pangangalaga at mga serbisyo na pinagkakatiwalaan ng mga tao sa probinsiyang ito. Dahil dito, ang probinsiya ay magkakaroon ng mga maliit na deficit na hindi aabot ng isang porsiyento ng GDP. Ang Budget ay may planong bumalik sa balance pagdating ng 2024–25, kaya’t patuloy ang mahabang track record ng probinsiya sa pagkakaroon ng responsible fiscal management.

Ano ang sinabi

“Lumalakas ang ekonomiya ng Ontario, napakaraming mga trabaho ang nililikha ng mga negosyo, at ang unemployment ay nasa pinakamababang rate sa halos dalawang dekada. Balanced ang ating budget. Mayroon tayong \$600 million surplus. Ngayon ay ginagamit natin ang ating mas malakas na fiscal position upang gawing mas abot-kaya ang pamumuhay para sa mga pamilya, at upang gumawa ng bagong oportunidad para sa mga negosyo sa buong probinsiya. Isasama sa 2018 Budget ang bagong investments sa health care, child care, at seniors care upang mas maraming pamilya ang matutulungang umunlad.”

— Charles Sousa, Ministro ng Pananalapi

Quick Facts

- Pinipili ng pamahalaan na gumawa ng mga bagong investment na nagkakahalaga ng \$20.3 bilyon sa darating na tatlong taon upang suportahan ang mga mahahalagang pampublikong serbisyo na pinagkakatiwalaan ng mga tao sa Ontario; nagbibigay-diin ang probinsiya sa mga priyoridad tulad ng health care, edukasyon, child care, seniors, social services, pagpapalago ng ekonomiya, at paglikha ng mga mahuhusay na trabaho.
- Simula ng recession, nagkaroon ang ekonomiya ng Ontario ng mahigit sa 800,000 net na bagong trabaho. Ang unemployment rate ay patuloy na bumababa at umabot sa pinakamababa sa nakalipas na 17 taon noong Pebrero 2018; ito’y 34 buwan nang nananatiling mas mababa sa national average.

- Simula noong 2014 ay higit na lumaki ang ekonomiya ng Ontario kaysa sa ekonomiya ng Canada at lahat ng ibang G7 na bansa.

Karagdagang Mapagkukunan ng Impormasyon

- Basahin ang *2018 Ontario Budget: Isang Plano para sa Pangangalaga at Oportunidad*
 - Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa plano ng pamahalaan, basahin ang fact sheets:
 - 2018 Ontario Budget: Top 10 Highlights
 - Ginagawang Mas Abot-kaya ang Araw-araw na Pamumuhay
 - Karagdagang Child Care, Karagdagang Choice
 - Pangangalaga sa Seniors sa Ontario
 - Mas Mabilis at Mas Mahusay na Access sa Health Care
 - Isang Plano para sa Pangangalaga
 - Ginagawang Mas Competitive ang Ontario at Lumilikha ng Mahuhusay na Trabaho
 - Ang Economic at Fiscal Focus ng Ontario

Para Lamang sa mga Katanungan ng Media:

Jessica Martin, Minister's Office
jessica.martin@ontario.ca, 416-212-5181

Scott Blodgett, Ministry of Finance
scott.blodgett@ontario.ca, 416-325-0324

ontario.ca/finance

Disponible en français